



Hawakan ang inisyatiba, ilunsad ang mga opensiba upang umani ng mga tagumpay para sa ika-40 anibersaryo ng BHB

Mensahe ng Komite Sentral Partido Komunista ng Pilipinas

Lubos ang kagalakan nating ipinagdiriwang ang ika-39 na anibersaryo ng pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Bagong Hukbong Bayan. Nagpupugay kami sa lahat ng kadre at kapisapi ng Partido, Pulang kumander at mandirigma at sa malawak na masa ng sambayanan sa kanilang naipon at mga bagong tagumpay sa bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan laban sa imperyalismong US at mga lokal na reaksyonyong uring malalaking kumprador at panginoong maylupa.


Pinararanganan at binabati namin kayo sa pagkakamit ng napakamakabuluhang mga tagumpay sa pulitika at militar. Pinakamataas na parangal ang iniuukol namin sa mga rebolusyonaryong martir at bayani sa pinakamalaki nilang sakripisyo upang maisulong ang daki-lang pulang bandila ng ating makatarungang adhikaang rebolusyonaryo.

Tinatanaw natin ang pagkakamit ng di hamak na mas malalaki pang tagumpay sa rebolusyonaryong pakikibaka sa darating na taon. Hangad nating kamtin ang mga tagumpay na ito upang maipagdiwang ang ika-40 anibersaryo ng BHB. Makaani tayo ng malalaking tagumpay sa pamamagitan ng patuloy na pag-agaw sa inisyatiba at paglulunsad ng mas marami pang taktikal na opensiba laban sa ka-

away kaysa noong nagdaang taon.

Nangangarap nang gising ang rehimeng US-Arroyo sa pangangalandakang madudurog o mapawalang-saysay nito ang BHB bago ang 2010. Bigong-bigo ang OBL 1 na durugin ang kahit isang larangang gerilya mula 2002 hanggang 2007. Tiyak na mas masahol na kabiligan ang sasapitin ng OBL 2 sa nalalabing mga taon ng rehimeng. Ang rehimeng mismo ay nasa malubhang kalagayan at nasa bingit ng kahiya-hiyang pagbagsak.

Mabilis na lumalala ang krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Mas mabilis na mabubulok ang mapang-api at mapagsamantalang sistemang ito dahil ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nagbunsod ng pandaigdigang depresyon, na walang kasinlubha mula noong Great Depression, sanhi ng mga epekto ng patakarang "globalisasyong neoliberal" at "pandaigdigang gera laban sa terorismo" na dikta ng US. Napakainam ng kalagayan para sa digmang bayan sa Pilipinas at para sa lahat ng anyo ng rebolusyonaryong anti-imperialistang paglaban ng mamayan sa buong mundo.



Ang pandaigdigang sistemang kapitalista ay saklot ng depresyon

Saklot ng depresyon ang pandaigdigang sistemang kapitalista. Dati-rati ay nagagawa pa ng abusadong pangungutang na pasikarin ang bentahan at palaba-

sing lumalago ang ekonomya. Nalantad na ang bag-as ng sistema, ang US, ay hinahagupit ng malubhang krisis sa ekonomya at pinansya at nagbubunsod ng serye ng pananalasa sa ekonomya at lipunan sa lahat ng imperyalistang bansa, sa pinakamalalaking tinaguriang umuusbong na pamilihan at mas masahol kaysa dati sa mga atrasadong bansa sa Asia, Africa at Latin America.

Ang pinagmumulan ng pandigdigang krisis ay ang krisis ng sobrahang produksyon sa tunay na ekonomya. Ang bagong teknolohiya ay nagpataas pa sa panlipunang katangian ng produksyon ngunit lalo ring nagtulak sa pribadong monopolyong katangian ng pag-angkin sa produkto. Pinabilis ng patakarang "globalisasyong neoliberal" ang konsentrasyon at sentralisasyon ng kapital sa US at iilang bansang monopolyo kapitalista sa pamamagitan ng denasyunalisasyon ng mas atrasadong mga bansa, liberalisasyon ng pamumuhunan at kalakalan, pribatisasyon ng mga ari-ariang publiko at deregulasyon, laban sa mga panlipunang karapatan ng mga anakpawis, kababaihan, mga bata at kapaligiran.

Ang pagsasagad ng monopolyong tubo sa pamamagitan ng pagpapalaki ng palagiang na kapital (*constant capital*) at pagpapalit ng pondo sa pasahod at gastos ng panlipunan ng gubyerno sa US at ibang bansang imperyalista ay nagpaketid sa pamilihang pandaigdig at lokal at tuluy-tuloy na nagpadausdos sa produksyon industriyal at nagpalaki sa disemployo. Ang mas episyenteng mga paraan ng transportasyon at komunikasyon ay nagtulak sa mga kapangyarihang imperyalista na ilipat ang pagmamanupaktura ng mga produktong pangkonsumo sa ilang mas atrasadong bansa tulad ng China at India kung saan mas mababa ang bayad sa paggawa. Pina-

natili nila sa loob ng bansa ang mas abanteng produksyon industriyal, laluna ng mga produktong pinakamalakas pagkakitaan o may kaugnayan sa patakarang militar at gera. Ang pangkalahatang pagdausdos ng regular na empleyo sa sektor ng industriya ay hindi naba-bawi ng paglago ng irregular na empleyo sa sektor ng serbisyo.

Mula noong pumasok ang dekada 1980, ipinagpalagay ng mga imperyalistang tagagawa ng patakaran na ang pagpapalago ng ekonomya ay usapin lamang ng paglalaran ng saganang suplay ng salapi at pautang at pagkontra sa siklong boom-and-bust ng kapitalismo sa pamamagitan ng banayad na manipulasyon ng tantos ng interes at sa minimum na pakikialam ng estado sa tinaguriang malayang pamilihan. Ang saligang krisis ng sobrahang produksyon ay paulit-ulit at papalala ngunit napagtatakpan ito ng papalaking utang para magbunsod ng konsumo, pagpapatung-patong ng utang at purong ispekulyon.

Tapos na ang pamamarali sa US bilang motor ng paglago at pamilihang tagasalba ng ekonomyang pandaigdig. Lumalabas na di kaya ang panghawakan ang \$9.4 trilyong pambansang utang ng US. Bunga ito ng mas matataas na depisit sa kalakalan sanhi ng pag-aangkat ng mga produkto ng manupaktura at malamanupaktura gayundin ng depisit sa badyet sanhi ng mga kaltas sa buwis para sa monopolyong burgesya at papalaking gastos sa industriyang militar, pagpapalakas ng presensyang militar sa ibayong dagat at mga gerang agresyon sa Iraq at Afghanistan. Maiintindihan kung bakit mabilis ang pagbulusok ng dolyar kung tittingnan ang pambansang utang ng US at ang pagdausdos ng industriya.

Ngunit hindi lamang ang damбуhalang pambansang utang ang

sanhi ng krisis pampinasya ng US. Pati mga monopolyong korporasyon US ay sumabak din sa labis na pangungutang sa pamamagitan ng pangungutang sa bangko at pagbebenta ng mga bono. Nahaharap sa posibleng pagkalugi ang mga tagapamuhunan at bangkong US sa bigat ng mga di masingil na utang ng mga korporasyon at pagkabangkrap ng nakararaming pamilyang Amerikano sanhi ng kasalukuyang pagbagsak ng "*subprime mortgage*"¹ bukod pa sa napurnadang bilihan ng sapi noong panahon ng bulang *high-tech*.

Nitong nakaraang ilang taon, lumabas na lumalago ang ekonomyang pandaigdig dahil sa pabagu-bagong tantos ng paglago na nasa 2-4% sa mga bansang kapitalista (maliban sa Japan) at mga tantos ng paglago sa tinaguriang mga umuusbong na pamilihan tulad ng China at India at sa mga mayor na bansang nagpoprodyus ng langis. Ngunit sa kasalukuyan at mga susunod na taon, tiyak na bubulusok ang pandaigdigang tantos ng paglago dahil sa paghihigpit ng internasyunal na pautang at sa ibinubunsod nitong pagbaba ng produksyon.

Ang pampinasyang krisis ng US ay tila epidemyang kumalat sa iba pang bansang imperyalista. Inaasahan din ng naturang mga bansa na tatamaan ang kanilang mga eksport bunga ng pagdausdos ng dolyar. Ang China, India at mga bansa sa Southeast Asia na nakaasa sa mga order ng US sa pagmanupaktura at malamanupaktura ng mga produktong pangkonsumo ay tiyak na tatamaan ng pinaliit na produksyon at pagsasara ng mga pagawaan. Kaalinsabay, ang tumataas ng presyo ng langis at *import*

¹ *Pautang sa pabahay na maliit o halos walang kolateral.*

ted na pagkain ay makaaapekto sa nakararaming bansa sa mundo.

Inaasahang tatagal ang kasalukuyang sosyo-ekonomikong krisis ng pundaigdigang sistemang kapitalista dahil masyado na itong malubha at malalim. Resulta ito ng deka-dekadang pag-abuso sa lokal at panlabas na pangungutang sa kapakinabangan ng mga kapangyarihang imperyalista at sa kapariwaraan ng mga aping mamamayan at bansa ng daigdig. Bago pa man ang kasalukuyang katindihan ng krisis, tuluy-tuloy nang nasa depresyon ang mga atrasadong bansa sa Asia, Africa at Latin America mula nang sumobra ang produksyon ng hilaw na materyales noong huling bahagi ng dekada 1970. Lalong hindi na matiis ng malawak na masa ng sambayanan, laluna ng mga manggagawa at magsasaka, ang dinarnas nilang sukdulang kaapihan at pagsasamantala.

Makaasaa tayong mas dadalas at lalaki ang pagsambulat ng mga protestang masa laban sa pagsahol ng kalagayang sosyo-ekonomiko at pampulitika sa US at iba pang bansang imperyalista gayundin sa mga tinaguriang umuusbong na pamilihan tulad ng China at India. Saan man pinakamahirap at pinakamiserable ang buhay at tumataas ang antas ng pagsasamantala at pang-aapi, ang malawak na masa ng sambayanan ay naglulunsad ng iba't ibang anyo ng pakikibaka, kabilang ang mga militanteng protestang masa at rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Ang mga imperyalista at mga reaksyunaryong papet nila ay di nakikinig sa mga karaangan bagkus ay naghahasik ng terorismong estado laban sa mamayan at nagkukunwang sila ang nagsasagawa ng "gera laban sa terorismo."

Sa ilalim ng imperyalismong US, lahat ng mga imperyalista at reaksyunaryong papet sa mundo ay patuloy na gumagamit sa islogan

ng anti-terorismo upang supilin ang mamayang nakikipaglaban para sa pambansang paglaya at demokrsya, maglunsad ng mga gerang agresyon laban sa mga bansang naggigiit ng pambansang kasisinlan, at gipitin at siraan ang mga lider at pwersang may panindigang anti-imperyalista.


Sa loob ng mahigit limang taon, nabigo ang rehimeng Bush na gapiin ang al Qaeda na inaakusahan nitong responsable sa 9/11. Sa halip, ikinonsentra nito sa Iraq ang gerang agresyon sa gawa-gawang mga kadahilanan taliwas sa internasyunal na batas. Ang gerang ito ay nagresulta sa pagkamatay ng mahigit 1.2 milyong Iraqi, dislokasyon ng mahigit apat na milyon at pagkawasak ng ekonomya at impraistrukturang panlipunan ng Iraq. Pero nagresulta rin ito sa pagkamatay ng 4,000 sundalang Amerikano, malubhang pinsala sa mahigit 30,000 at iba pang karamdaman ng 260,000. Upisyal nang naglaan ang US ng hanggang \$700 bilyon ngayon sa mga gerang agresyon laban sa Iraq at Afghanistan, higit sa ginastos sa gera sa Vietnam. Ang aktwal na gastos ng US sa gera ay umaabot na sa \$3 trilyon, at inaasahang madodoble o matitriple ito bago sumapit ang 2010. Lumublob ang US sa kumunoy dahil sa kasakiman nito sa yamang langis ng Iraq at dahil sa plano nitong magpatatag ng paghahari sa Middle East at iba pang bahagi ng mundo.

Dahil lugmok ito sa kumunoy sa Iraq, nababawasan ang epektibidad ng US kahit sa saklaw ng Middle East at Central Asia. Sa labas ng naturang mga rehiyon, itinuturing pa rin bilang kaisa-isang superpower ang US, bagamat papalaos na at hinahagupit ng pagdausdos ng industriya at pampinansyang krisis at may pwersang militar na banat na banat at di epektibo sa mga malapitang labanan. Sa lahat ng rehi-

yon sa mundo, nagmamantine ang US ng dalawahang relasyon ng pakikipagtulungan at pakikipagkumpetisyon sa ekonomya at pakikipagsabwanan at pakikitunggaling pampulitika sa iba pang mga imperyalistang kapangyarihan at ilang kapangyarihang rehiyunal.

Ang US at ang pinakamalalapit nitong alyadong imperyalista ay may dalawahang relasyon sa Russia at China sa Eastern Europe, Central Asia at Middle East; China sa East Asia at India sa South Asia. Sa Latin America, ang kasalukuyang gubyernong Chavez ay dramatikong nakatitindig laban sa mga patakaran ng US dahil sa sobrang pagkabanat ng US sa ibang dako ng mundo. Habang lumalala ang krisis ng pundaigdigang sistemang kapitalista, naggigiit ng kapangyarihan ang iba't ibang imperyalistang bansa at lumalakas ang tendensya na magtunggalian sila para sa panibagong paghahati-hati sa mundo sa usapin ng territoryong pang-ekonomya at dominasyong pampulitika.

Iba't ibang anyo ng paglabang anti-imperyalista ang inilulunsad ng mamayan sa mga bansang imperyalista at sa lahat ng iba pang bansa. Ngunit ang pinakamapagsayang mga anyo ng pakikibang anti-imperyalista ay yaong sa pagitan ng armadong rebolusyon at



armadong kontra-rebolusyon. Sa ganitong pakikibaka, sinasagot ng mamamayan ang sentral na usapin ng rebolusyon sa pinakamabisang paraan. Ang mga rebolusyonaryong pakikibaka sa Pilipinas, India, Colombia at iba pang bansa ay gumanap ng mahalagang papel sa pagsamantala sa kasalukuyan at hinaharap na mga krisis ng pandaigdigang kapitalismo. Ipinakikita ng mga ito kung paano magsagawa ng rebolusyonaryong pulitiko-militar upang bigyang-kakayahan ang mamamayan na magpatupad ng rebolusyonaryong panlipunan at gapiin ang imperyalismo at ang mga reaksyunaryong alyado nito.

Pinalulubha ng rehimeng Arroyo ang krisis ng naghaharing sistema

Pinalubha at pinalalim ng rehimeng Arroyo ang palagiang krisis ng sistemang malakolonyal at malayudal nang higit pa sa ginawa ng pasistang rehimeng Marcos at mga humaliling kunwa'y demokratikong rehimen nina Aquino, Ramos at Estrada. Ang sistemikong pagpapatupad ng patakarang globalisayong neoliberal o "malayang pamilihan" na dikta ng US ay lubusang pumigil sa kaunlarang pang-ekonomya sa pamamagitan ng pambansang industriyalisasyon at tunay na reforma sa lupa at nagpabwelo sa US at iba pang dayuhang kumpanyang monopolyo sa paglabag sa soberanyang pang-ekonomya at bentahan ng pambansang patrimonya sa pamamagitan ng denasyunalisasyon ng ekonomya, liberalisasyon ng pamumuhunan at kalakalan, pribatisasyon ng mga ari-ariang publiko at mga anyo ng deregulasyong pinaka-anti-sosyal at pinakamapanira sa kapaligiran.

Ang ekonomyang Pilipino ay nananatiling nakaasa sa produksyon ng hilaw na materyales (agri-

kultural at mineral) para sa eksport at malamanupaktura ng mga produktong pangkonsumo para muling iluwas sa mga bansang imperyalista kapalit ng di hamak na mas mahal na importasyon ng mahahalagang produktong pangkonsumo at pamproduksyon, mga sangkap para sa malamanupaktura, langis at pagkain. Ang Pilipinas ay isang bansang agraryo, ngunit ang produksyon agrikultural nito ay kiling sa ilang pananim na pang-eksport at isinasailalim sa pagtatambak ng mga dayuhang agrikultural na prodyuser. Kaya lalu't lalo itong naging netong tagaangkat ng pagkain. Sa ngayon, nahaharap ito sa malubhang problema ng kakulangan at nagtataasang presyo ng bigas. Ang problemang ito ay nagresulta na sa malnutrisyon sa pambansang saklaw at kagutuman sa ilang lugar.

Ang takbuhan ng reaksyunaryong estado para punan ang mga deposit sa kalakalan at badyet ay pangungutang ng papalaking halaga sa loob at labas ng bansa tauntaon. Ito rin ang paraan kaya naga-gawa ng rehimeng Arroyo ang ilusyon ng paglago ng GDP, habang ang inuutang at iba pang rekurso ay ginagamit sa pagbabayad-utang, konsumo sa lahat ng antas, walang rendang pagtangay ng tubo ng mga kumpanyang multinasyunal at mga kroni ng rehimen at sa pinamahal at tiwaling mga kontrata ng estado para sa kagamitan ng burukrasya at militar at para sa mga patakbuhiing proyektong impiastroktura.

Palagiang pinaliliit ang datos sa panlabas at lokal na utang ng reaksyunaryong estado ng Pilipinas sa pamamagitan ng ilang pamamaaran. Ang pinakahuling datos ay nagsasabing nasa ₱3.871 o \$81.91 bilyon ang pambansang utang, hindi pa kabilang ang tinaguriang contingency liabilities kung saan inaako ng estado ang pananagutan

kapag hindi nakapagbabayad ng pagkakautang ang mga korporasyon ng estado o pribado. Namumukod ang rehimeng Arroyo sa pangungutang ng ₱2.83 trilyon mula 2001 hanggang 2006, na nakasasapaw sa ₱1.51 trilyong kabuuang inutang ng mga rehimeng Aquino, Ramos at Estrada sa loob ng 14 taon, mula 1986 hanggang 2000.

Nitong mga huling taon, lalu't lalong napupwersa ang rehimeng Arroyo na mangutang sa pandaigdigang pamilihang komersyal sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bono at kumuha ng mga pautang o credit line na may kundisyon mula sa China, Japan at iba pang bansa. Bumaling na rin ito sa pagpapatawan ng dagdag na buwis sa mamamayan ngunit ang koleksyon ng buwis ay patuloy na bumabagsak dahil sa burukratikong korapsyon at depreasyon ng ekonomyang Pilipino. Ang kasalukuyang pang-ekonomya at pampinansyang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nagbubunsod na ng masasamang kalagayan sa Pilipinas tulad ng paghihigpit ng pandaigdigang pautang, mabilis na pagsahol sa usapin ng deposit sa kalakalan at badyet sanhi ng papaliit na koleksyon ng buwis sa lalong lugmok na ekonomya. Nagsimula nang bumagsak nang mabilis ang piso at lalo pang babagsak nang mas mabilis.

Ang taunang sinasabi ng rehimeng Arroyo na lumalago ang GDP ay hindi nagpapakita ng distribusyon ng kita at paglala ng kahirapan sa bansa. Manapa, pinagtatakan nito ang katotohanang kalakhan ng panlipunang yamang likha ng mamamayan at ang mga panlabas at lokal na utang ay napupunta sa kamay ng mga dayuhang kumpanya at bangkong multinasyunal, malalaking kumprador, mga panginoong maylupa at mga tiwaling burukrata. Ang paglago ng GDP ay hindi nangangahulugan ng sosyo-ekonomikong pag-asenso ng

mamamayan, bagkus ay naglalantad kung gaano ang ninanakaw sa kanila ng mga mapagsamantala.

Sa kasalukuyang kalagayan ng pang-ekonomyang krisis at depre-syon sa Pilipinas, ang pampuliti-kang krisis ng naghaharing sistema ay umiigting at umiinit nang higit kailanman. Tumitindi ang mga tunggalian sa hanay ng mga pak-syon ng mga pulitikong malaking kumprador at panginoong maylupa. Ang ang paksyon anti-Arroyo ay nagaganyak ng lumalaking demok-ratikong kilusang masa laban sa re-himeng Arroyo at nakauungos sa naghaharing pangkating Arroyo sa paglalantad ng katiwalian, pagla-bag sa karapatang-tao at panga-nayupapa ng rehimeng sa mga da-yuhang interes.

Takut na takot ang rehimeng Arroyo sa impeachment o pagpapatalsik sa poder at posibleng pag-uusig sa malalaking krimen nito sa mamamayan. Kaya ginagamit nito ang mga pamwersang makinarya ng estado para sindakin ang ligal na oposisyon. Umabot na ito sa sukdulang dukutin at pagbantaan ang buhay ng isang upisyal ng gubyerno na pumayag na tumestigo sa Senado laban sa naghaharing pangkatin sa iskandalong NBN na gawa ng mga burukratang malaking kumprador sa panig ng Pilipinas at China.

Alinsunod sa
pandaigdigang
gera laban sa te-
rorismo na sul-
sol ng US,
ginagamit
ng rehi-

meng Arroyo ang terorismong estando sa ilalim ng Oplan Bantay Laya hindi lamang para wasakin o pahinain ang armadong rebolusyonaryong kilusan kundi para rin sindakin at durugin ang malawak na hanay mga pwersang oposisyon. Sumabak ito sa ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot at pagtortur sa mga progresibong aktibis-tang ligal at pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso laban sa mga progresibong lider oposisyon hindi lamang para durugin ang mga pwersang ligal ng kilusang pam-bansa demokratiko kundi para rin takutin ang mga reaksyunaryong pwersang anti-Arroyo at hindi sila mahimok na pumasok sa malawak na pakikipagkaisang prente sa mga ligal na pwersang patriyotiko at progresibo.

Gayunman, ang malawak na nagkakaisang prente laban sa tiwali at brutal na rehimeng Arroyo ay di natitinag at lalong sumisigla pangunahin dahil sa pagiging desido at militante ng mga pwersa ng kilusang pambansa-demokratiko. Ang mga pwersang oposisyon na pinangungunahan ng mga naghangad humalili kay Arroyo sa pagkapangulo ay nangangambang kung mapatalsik siya, hahalili ang kanyang bise presidente sa kanyang interes at maqkakaroon ivon

ng sapat na panahon para mag-konsolida ng kapangyarihan para tumakbo sa pagkapresidente sa 2010. Ngunit kung mabigo ang nagkakaisang prente na siraan, ihiwalay at

palagiang ilagay sa bingit ng pag-bagsak ang rehimeng Arroyo, maaari siyang makabawi at malagay sa pusisyon para pumili ng hahalili sa kanya upang maproteksyunan ang sarili laban sa kriminal na pag-uusig.

Ang malaon nang pagkakahati ng mga reaksyunaryong upisyal mili-tar at pulis sa mga paksyong pu-litikal at sindikatong kriminal ay mayor na manipestasyon ng kabu-lukan at kahinaan ng naghaharing sistema. Gayunman, may lumitaw na ilang patriyotikong upisyal mili-tar at pulis para tuligsain at laba-nan ang rehimeng Arroyo at mara-mi sa kanila ay nakabilanggo mula pa 2003. Nagsisilbi silang inspira-syon sa hanay ng militar para ita-guyod ang prinsipyo ng kataas-ta-asang kapangyarihang sibilyan, igalang ang karapatan ng mamama-yan na magpahayag at magtipon at mag-urong ng suporta sa rehimeng Arroyo. Pinananabikan nilang um-abot ang mga aksyong protesta sa antas na di bababa sa 100,000 sa EDSA o sa harap ng Malacañang up-ang dramatikong makapag-urong ng suporta sa rehimen.

Nagpupuyos sa galit ang mala-wak na masa ng sambayanan sa pagpapakatuta ng rehimeng Arroyo sa imperyalistang interes, sa walang hangganang katiwalian nito at lansakan at sistematikong paglabag nito sa karapatang-tao. Determinado silang maglunsad ng mga protestang masa sa Kamaynilaan at sa buong bansa hanggang mapatal-sik sa poder ang rehimeng Arroyo. Ang panawagang patalsikin ang naghaharing pangkating Arroyo ay umaalingawngaw sa mga pabrika, sakahan, pamayanan at institu-syon tulad ng mga paaralan at simbahana, at sa iba't ibang pagtipon gaano man kalaki. Lahat ng anyo ng masmidya ay ginagamit para ilantad at labanan ang rehimeng Arroyo at ipanawagan ang pagpapatalsik dito sa poder.



Nagkakaisa ang mamamayan sa mga panawagan ng mga organisadong pwersa ng masang manggawa at magsasaka at mga panggitnang saray ng lipunan at ng mga organisasyon at kilusang nakabatay sa isyu. Ang mamamayan ay pinakikilos ng antas-antas na alyansa: ang saligang alyansa ng mga manggagawa at magsasaka, ang progresibong alyansa ng masang anakpawis at petiburgesyang lunsod, ang patriyotikong alyansa ng mga progresibong pwersa at panggitnang burgesya at ang malawak na nagkakaisang prenteng kinabibilangan ng mga reaksyunaryong anti-Arroyo na pansamantala at mabubuway na alyado.

Kagyat na layunin ng mamamayan na patalsikin sa poder ang rehimeng Arroyo bago ang 2010. Lahat ng pagsisikap ay ginagawa para kamtin ang layuning ito. Ngunit sakaling tumagal pa ang rehimeng at magtangka itong magpwesto ng kahalili sa kapangyarihan, lalo pang tatalas ang galit ng mamamayan. Ang kahinaan ng ilang alyado sa malawak na nagkakaisang prente ay hindi nakapagpapahina ng lob ng mga pwersang patriyotiko at progresibo, bagkus ay lalo pang nakagaganyak sa kanila na gamitin ang kanilang independensya at inisyatiba para palakihin ang kilusang masa, itakda ang direksyon at pabilisin ang pagsulong nito. Ang lumalaking mga kilos protesta ay

pumwersa sa rehimeng Arroyo na magpakat ng dagdag nga tauhang militar at pulis sa kalunsuran. Kasabay nito, nagpapaigting naman ng mga taktikal na opensiba ang BHB sa kanayunan.

Malabo o walang posibilidad na magpatuloy ang formal usapan sa negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP. Ayaw ng rehimeng Arroyo na alisin ang maraming balakid na inilagay nito at naggigiit pa ngang sumuko ang NDFP bilang kundisyon sa simpleng informal na usapan (o exploratory talks). Ang pangunahan at esensyal na diin ng rehimeng Arroyo ay siking durugin o estratehikong gapiin ang rebolusyonaryong kilusan bago ang 2010. Tutol ito sa usapan pangkapayapaan sa balangkas ng The Hague Joint Declaration of 1992. Sa halip, pilit itong gumagamit ng mapanlinlang na mga taktika tulad ng mga tinaguriang "lokalisadong usapan pangkapayapaan" at "amnestiya at rehabilitasyon" bilang mga sanga ng mga militar na kampanyang panunupil. Lahat ng mga taktikang ito ay sinadya para iligaw at hatiin ang mamamayan at kaalinsabay ay samantalahin ng rehimeng at mga ahenteng militar nito para makapagpayaman sa pamamagitan ng paggawa ng mga huwad na listahan ng mga bennepisyaryo ng amnestiya.


Ang PKP, BHB at NDFP ay handang ipagpatuloy ang formal na pakikipag-usap sa negosasyong GRP-NDFP matapos mai-bagsak ang rehimeng Arroyo o tapusin na ang usapan pangkapayapaan kung ipagpatuloy ng susunod na reaksyunaryong rehimeng ang patakaran ng rehimeng Arroyo sa negosasyong pangkapaya-

paan. Dapat nilang paigtingin ang digmang bayan at samantalahin ang galit ng mamamayan sa mga krimen ng rehimeng Arroyo upang maihiwalay at mapahina at kalau-na'y maibagsak ang naghaharing sistema ng malalaking kumprador at panginoong maylupa.

Ang di magagapi at sumusulong na Bagong Hukbong Bayan

Hindi nagagapi at patuloy na nagkakamit ng mga rebolusyonaryong tagumpay ang Bagong Hukbong Bayan dahil pinamumunuan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas alinsunod sa linya ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamagitan ng digmang bayan. Nagsisilbi ito sa pambansa at demokratikong mga karapatan at interes ng sambayanan kaya tinatamasa nito ang aktibong paglahok at suporta ng mamamayan sa rebolusyonaryong kilusan laban sa labis na mapang-api at mapagsamantala ng malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa.

Nangangarap nang gising ang rehimeng US-Arroyo sa paulit-ulit na pag-aanunsyo ng planong durugin o "pawalang-saysay" ang armadong rebolusyonaryong bayan bago ang 2010. Makikita sa kasaysayan na nabigo ang rehimeng Marcos na durugin ang nagpapanibagong-siglang rebolusyonaryong kilusan mula 1969 hanggang 1986, kabilang ang 14 na taon ng pasistang diktadura mula 1972. Nakalikha lamang ito ng kalagayan para lumakas at sumulong ang BHB at lahat ng iba pang pwersang rebolusyonaryo. Sa kabilang ng mga burges-demokratikong pagpapabalat-bunga sa armandong kontra-rebolusyon, ang mga rehimeng pumalit kay Marcos, mula sa rehimeng Aquino hanggang kay Arroyo, ay nabigo ring durugin ang BHB at ang buong rebolusyonaryong kilusan.



Ang BHB ay subok sa labanan at napanday sa apoy ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa loob ng halos 40 taon. Ang malawak na masa ng sambayanan ang di natutuyong bukal ng lakas nito. May naipon na itong mayamang karanasan sa pagpresa ng sarili at higit pang pagpapalakas, paglaban sa kaaway at pagkakamit ng mga tagumpay sa larangan ng pulitika, militar, ekonomya at kultura. Ang hanay ng PKP at BHB ay nananatiling matatag sa pagtaguyod sa kanilang rebolusyonaryong adhikain. Ang mga di nagwastong suhetibista at Kanan at kaliwang oportunista ay nagtulak lamang sa mga proletaryong rebolusyonaryo sa PKP at rebolusyonaryong kilusan na ilunsad ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at magkamit ng matutunog na tagumpay sa pagbibigay-edukasyon sa rebolusyonaryong kasapihan hinggil sa mga saligang prinsipyong pagwawasto ng kamanian at pagkukulang, pagpundar ng lahatang-panig na lakas at pagtatakda ng mga rebolusyonaryong tungkulin sa pinakamalinaw na paraan.

Kasama ng PKP at NDFP, higit na lumakas ang BHB sa mismong panahon kung kailan lubos nang nasira at nahihiwalay ang rehimeng Arroyo at mas bulok at mas mahina na ang buong naghaharing sistema higit kailanman. Di hamak na mas malala higit kailanman ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng lokal na naghaharing sistema. Napakainam ng kalaugayan para lumakas ang BHB at buong rebolusyonaryong kilusan bilang pwersang panlaban, pampropaganda, pamproduksyon at pangkultura, para maagaw nito ang inisyatiba at mapaigting ang armadong pakikibaka at matipon ang pinakamalawak na posibleng suportang popular sa pamamagitan ng mga patakaran at taktika sa pakikipagsang prente.

Lubhang nabigo ang Oplan Bantay Laya 2 sa layunin nito noong 2007, kagaya ng kabiguan ng OBL 1 noong 2001-2006, na sabayang ikonsentra ang reaksyonaryong hukbo at mga *regional mobile police unit* sa 600 barangay sa 10 hanggang 12 larangang gerilya sa anim na rehiyon upang mapatalsik sa mga barangay ang BHB, matagalang hawakan ang mga ito at paunlarin ang mga ito laban sa hukbong bayan. Hirap ang mga pwersang militar at pulis na umokupa ng 300 barangay sa bawat takdang panahon at nabigo silang dumurog ni isang larangang gerilya ng BHB. Sadyang walang sapat na tropa at rekuerso ang kaaway para sumaklaw ng malalawak na bahagi ng bansa. Bwelong nakakikilos ang BHB sa di kukulangin sa 80% ng territoryo ng Pilipinas.

Madaling nakakikilos ang BHB sa malalawak na agwat sa pakat ng mga brigada ng kaaway, sa pagitan ng mga batalyon ng kaaway, sa pagitan ng mga kumpanya at sa pagitan ng mga special operations team na laking-platun. Nakakapagmaniobra ang BHB upang makapwesto sa eksteryor na linya sa pagkokonsentra ng mga Pulang mandirigma para sa mga taktikal na opensiba upang manlipol ng mga yunit ng kaaway. Nagagawa nitong magdispers at magpalipat-lipat upang makaiwas sa mas malakas na kalaban at gayundi'y makakuha ng pusisyon para maglunsad ng mga opensiba laban sa kaaway. Hinuhugot ang mga yunit ng kaaway mula sa isang larangang gerilya dahil sa pangangailangang ipakat sila sa ibang larangang gerilya kung saan mas madalas maglunsad ng taktikal na opensiba ang BHB o sa mga eryang Moro kapag tumataas ang antas ng armadong tunggalian doon. Kailanma't inihiwan ng mga pwersang kaaway ang isang lugar, ikinakalat ng BHB ang mga yunit nito upang maggawaing masa at

lalo pang paunlarin ang baseng masa at suportang masa.

Mula Phase 1 hanggang Phase 2, ang OBL ay gumawa ng mga lansakang paglabag sa karapatang-tao. Nagsagawa ito ng maramihang pananakot, arbitraryong pang-aarresto at detensyon, mga masaker, pamamaslang at tortur, pagdukot, panggagahasa, panununog, blokeyo sa pagkain at pwersahang pagpapalikas ng mga komunidad sa kanayunan para magsilbi sa pangangamkam ng lupa ng mga dayuhang korporasyon, kumpanya ng pagmimina, matataas na burukrata at mga lokal na tirano. Nakilala ang OBL sa buong mundo sa pagpatay sa mga ligal na aktibistang masa, manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan, lider relihiyoso, peryodista, mga abugado at huwes, mga aktibista nagtaguyod sa karapatang-tao at mga konsultant ng NDFP. Bago sila paslangin o dukutin, binabansagan muna sila ng militar bilang mga "komunista" o "kaaway ng estado." Matapos silang patayin at dukutin, ibibintang ng mga awtoridad pampolitika, militar at pulis ng rehimeng Arroyo sa BHB ang aktong kriminal at sisiraan pa ang mga biktima sa pagsasabing biniktima sila ng sariling kasamahan dahil umano sa pagdidispaldo ng pondo o pagiging espiya ng kaaway. Ang pakanang pamamaslang at panlilinlang ng mga kriminal na nasa poder ay hindi makapanlilinlang kahit sa special rapporteur ng UN sa ekstrahudisyal na pamamaslang.

Nagpapantasya ang kaaway sa pag-iisip na madudurog o "mapawawalang-saysay" ng OBL 2 ang BHB sa pagitan ng 2007 at 2010. Dalubhasa na ang BHB sa estratehiya at taktika ng digmang bayan laban sa kalupitan at panlilinlang ng OBL. Nakapagdulot ito ng mga pamatay na dagok para manlipol ng mga yunit ng kaaway at gawing inutil ang iba pang pwersa ng reak-

syunaryong hukbo at pulisy.

Sa loob ng isang taon bago ang kasalukuyang anibersaryo ng BHB, nakapaglunsad ang BHB ng 500 malalaki at maliliit na taktikal na opensiba laban sa kaaway. Nadagdagan nito ang bilang ng mga yunit ng BHB bunga ng pagkakasamsam ng mga armas mula sa kaaway at sa pagsulong ng gawaing masa. Nakapagmantine ito ng 120-130 larangang gerilya at napalawak at napaunlad ang karamihan dito. Nasa katayuan na ito ngayon para dagdagan ang bilang ng mga larangang gerilya. Ang mga ito ang magiging salalayang ng relatibong matatataag na baseng purok kahit magtaas-baba ang bilang ng mga larangang gerilya dahil sa konsentradong mga atake ng kaaway.

Ang malalaking tagumpay ng BHB ay bunga ng mapagpasya at militanteng implementasyon nito ng pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Sinusunod nito ang pamumuno ng PKP bilang abanteng destakamento ng uring manggawa. Tinitiyak ng Partido na ang pambansa-demokratikong rebolusyon ay makukumpleto sa saligan sa pamamagitan ng pagpapabagsak sa malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema bago tumuloy sa sosyalistang rebolusyon. Ginagamit nito ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at ang nagkakaisang prente bilang makapangyarihan at di magagaping mga sandata ng rebolusyon.

Ang Partido ang puno at bag-as ng BHB. Tinitiyak nitong napauunlad ang tatlong integral na sangkap ng digmang bayan. Ito ang pagtatayo ng hukbong bayan sa pamamagitan ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, ang pagpapatupad ng rebolusyonaryong agraryo at ang pagtatayo ng mga baseng purok bilang balwarte ng rebolusyon



sa pulitika, militar, ekonomya at kultura.

Para maitayo ang BHB, tinitiyak ng Partido na nakapagrerekut ng mga Pulang mandirigma mula sa rebolusyonaryong kilusang masa partikular sa hanay ng mga cadre at aktibistang masa, lokal na mili-sya at mga yunit pananggol ng mga organisasyong masa. Binibigan nito ng pulitiko-militar na pagsasanay ang mga rekrut, at pinatalahok sila sa mga taktikal na opensiba sa lalong madaling panahanon. Paparaming Pulang kumander at mandirigma ang nagkakaroon ng karanasan at sandata para madagdagan ang bilang ng mga yunit ng BHB sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa kaaway.

Umunlad ang hukbong bayan at digmang bayan sa kanayunan sa loob ng mahabang panahon dahil sa suporta ng masang magsasaka. Lumalahok at sumusuporta sila sa digmang bayan dahil interesado sila sa rebolusyonaryong agraryo. Sila ang mayorya ng mamamayan. Ang katu-paran ng kanilang sigaw para sa lupa ang pangunahing laman ng demokratikong rebolusyon.

Ang minimum na programa ng reforma sa lupa ay naipatutupad na sa pambansang saklaw. Sa mara-

ming lugar, ang mga lupain sa kamay ng mga brutal na agrokorporasyon, despotikong panginoong maylupa at mangangamkam ng lupa ay nabawi na at muling naipamahagi sa mga magsasaka, manggagawang bukid at pambansang minorya. Dumating na ang panahon para palaganapin ang maksimum na programa ng reforma sa lupa. Nagiging possible na ito sa tagumpay ng minimum na programa ng reforma sa lupa gayundin sa nag-iibayong lakas ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka at hukbong bayan. May interaksyon at suportahan ang nag-iibayong lakas ng kilusang magsasaka at ng hukbong bayan para isulong ang tunay na reforma sa lupa at wasakin ang kapaniryarian ng mga panginoong maylupa na nagsasamantala at nang-aapi sa mamamayan.

Naririyan na ang lahat ng bayang salik para sa pagtatayo ng relatibong matatataag na baseng purok. Ang mga ito ay maaaring umusbong mula sa kasalukuyang mga larangang gerilya na sumasaklaw ng 9,000 barangay sa 70 prubinsya at 800 munisipalidad. Maaaring magsanib ang pinakaabanteng mga larangang gerilya para bumuo ng relatibong matatataag na baseng purok. Kasabay nito, may mga pagsisikap para dagdagan ang bilang ng mga larangang gerilya sa bawat isa sa 173 distritong kongresyunal sa mga prubinsya. Ang BHB ay may mapagpasyang papel sa pagtatayo ng mga larangang gerilya gayundin sa pagpapaunlad sa mga ito para maging matatataag na baseng purok sa antas prubinsya. Nag sisilbi ang mga ito bilang mas matatataag na balwarte ng rebolusyon sa pulitika, militar, ekonomya at kultura.

Bilang pampolitikang balwarte, ang mga larangang gerilya ay may mga organo ng kapangyarihang pampolitika sa antas baryo, bayan

at distrito, na suportado ng mga organisasyong masa at mga subkomiteng katuwang ng mga organo ng kapangyarihang pampolitika sa mga usapin ng pag-oorganisa sa masa, edukasyong masa, ekonomya, pinansya, depensa, arbitrasyon at pangkulturang aktibidad. Bilang balwarteng militar, taglay nila ang BHB gayundin ang mga yunit milisya at mga yunit pananggol. Bilang pang-ekonomyang balwarte, ipinatutupad nila ang programa ng reforma sa lupa at pina-tataas nila ang produksyon sa agrikultura at mga dagdag na mapag-kakakitaan. Bilang pangkulturang balwarte, isinusulong nila ang mga aktibidad ng mga pangkat sa kultura ng BHB at ng iba't ibang organisasyong masa.

Mga mapanlabang tungkulin ng BHB

Dapat lubos na samantalahin ng BHB ang mabilis na paglubha ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng lokal na naghaharing sistema. Habang ginagawa ng malawak na ligal na nagkakaisang prente ang lahat ng pagsikap upang mapatalsik sa poder ang rehimeng Arroyo, dapat namang paigtingin ng BHB ang mga taktikal na opensiba nito at masigasig na gawin ang kaugnay na mga rebolusyonaryong aktibidad na may aktibong partisipasyon at suporta ng masa.

Gayon na lamang ang takot ngayon ng rehimeng Arroyo sa mamayan kaya pinalalaki nito ang bilang ng mga tropang militar sa kalunsuran upang bantayan ang matataas na burukrata at ang malalaki nilang pribadong kakutsaba at sindakin ang malawak na masa ng sambayanan. Nagpapakat din ito ng dagdag na tropa para maggwardya sa mga minahan, plantasyon, trosohan at mga instalasyon tulad ng mga imbakan ng

langis, linya at tore ng kuryente, toreng pangkomunikasyon at iba pa. Samakatwid ay papaliit ang bilang ng mga tropa para sa tuwirang aksyong opensibo laban sa BHB. Dahil ang mga pwersang kaaway ay naoobligang gumampan ng tungkuling gwardya, nagiging mas kalat at mas bulnurable sila sa mga taktikal na opensiba ng BHB.

Dapat umani ng mas malalaking tagumpay ang BHB ngayong taon upang ipagdiwang ang darating na ika-40 anibersaryo nito at samantalahin ang mga pagkakataon para maglunsad ng mga taktikal na opensiba bilang resulta ng lumulubhang krisis ng naghaharing sistema, ng galit ng mamayan sa pagkatuta, katiwalian at kalupitan ng rehimeng Arroyo at ng lumalaking mga kamalian at kahinaan ng kaaway. Dapat ding magkamit ng mas malalaking tagumpay sa pagpapaunlad ng nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka gayundin para sa ligal na pakikibaka.

Dapat madagdagan ang bilang ng mga larangang gerilya mula sa kasalukuyang antas na 120-130 tungong 173 upang masaklaw ang lahat ng distritong kongresyunal at mga prubinsya. Dapat magkaroon ng mga binhing yunit para sa pagtatayo ng mga bagong larangang gerilya. Ang mga yunit na ito ay maaaring di kulangin sa dalawang iskwad o mga platon na mapaghahati-hati sa mga sandatahang pangkat pampropaganda. Ang pagtatayo ng relatibong matatatag na base ay usapin ng husay sa pampolitikang pangangasiwa sa simula at lahatang-panig na pagpapaunad ng ilang larangang gerilya.

Dapat tiyakin ng mga panrehiyong komite ng Partido at mga panrehiyong kumand sa operasyon na epektibong umiiral at umuunlad pa ang mga komite ng Partido at mga kumand sa operasyon sa antas ng prubinsya o distritong kongresyunal o larangang gerilya. Dapat

pabilisin ang pagtatalaga ng mga kadre ng Partido sa BHB laluna mula sa hanay ng mga manggagawa at kabataang nakapag-aran. Dapat pag-ibayuhin ang pagrerekrut ng mga Pulang mandirigma. Dapat silang magmula sa hanay ng mga aktibistang masa, milisya at yunit pananggol. Dapat silang bigyan ng politiko-militar na pagsasanay at isama sa mga aksyong opensibo para magkaroon ng karanasan sa lalong madaling panahon.

Ang pangunahing layunin ng pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba ay makasamsam ng mga armas at dagdagan ang bilang ng mga Pulang mandirigma at panlabang yunit ng BHB. May ilang empreza (minahan, plantasyon, trosohan at iba pa) at ilang instalasyon tinatarget ng BHB dahil naapeperwisyo sila sa interes ng mamayan. Sa pagsalakay sa mga ito, napupwersa ng BHB ang kaaway na magpaket ng mga yunit na gugwardya sa magkakalayong lugar, at nagagawang gawing bulneable ang mga iyon at ang mga linya nito ng suplay sa ibayo pang opensibong aksyon ng BHB. May estratehikong kabuluhan ang paglalansag ng mga operasyon ng mga empresang dayuhan at malalaking burgesyang komprador sa pagmimina, plantasyon, pagtotroso at iba pa dahil ayaw ng mamayan manakaw ang kanilang likas na kawayanan at dahil nais nilang gamitin ang mga ito sa hinaharap para paunlarin ang kanilang bansa. Walang habas na ibinukas ng rehimeng Arroyo ang likas na kawayanan upang makabayad sa utang panlabas.

Dapat arestuhin ng BHB para malitis ang pinakamasasahol na mandarambong, lumalabag sa kapatang-tao at iba pang anti-sosyal na kriminal. Dapat magbalangkas ng mga pormal na asuntong pagbabatayan ng hukumang bayan para mag-isyu ng mga mandamyento pa-

ra sa pag-aresto at pagkumpiska ng mga materyales na may kaugnayan sa kaso. Kung ayaw sumuko ng suspek sa krimen para maimbestigan at kung siya ay armado at mapanganib o may mga armadong badigard, ang mga nakatalagang umaresto sa kanya ay dapat maging handa sa pakikisagupa. Ang isang suspek sa krimen na ipinaaaresto ng hukumang bayan ay maaaring ikonsiderang tumututol sa pag-aresto kung hindi siya susuko sa o sa pamamagitan ng anumang awtoridad ng gubyernong bayan.

Ang minimum na programa ng repara sa lupa ay dapat itaas tungo sa antas ng maksimum na programa kailanma't kakayanin batay sa mga tagumpay ng minimum na programa, sapat na lakas ng kilusan ng masang magsasaka at ng BHB, at kahinaan, pagkaparalisa o pagtalilis ng kaaway sa uri. Dapat pataasin ang produksyon sa agrikultura at ibang linya ng gawaing pang-ekonomya. Dapat matatag at

masigasig na ilapat ng Partido, BHB at kilusang magsasaka ang patakaran ng antipyudal na pakikipagkaisang prente na pangunaing pagsalig sa maralitang magsasaka at manggagawang bukid, pagkabig sa panggitnang magsasaka, pagnyutralisa sa mayayamang magsasaka at pagsamantala sa pagkakahati ng uring panginoong maylupa at paghihiwalay at pagdurog sa kapangyarihang pampolitika ng mga despotikong panginoong maylupa.

Sa pamumuno ng Partido, ang BHB ay dapat gumanap ng mala-king papel sa pagtatayo ng mga larangang gerilya at matatatag na baseng purok. Sa gawaing masa nito, dapat nitong itayo ang mga organo ng kapangyarihang pampolitika at mga organisasyong masa. Dapat itong magpaunlad ng mga pangkat pampropaganda at pangkultura at humikayat sa mga organisasyong masa na tularan ang gayon. Dapat nitong himukin ang

mga guro sa paaralang publiko na sinuswelduhan pa ng gubyerno na magsagawa ng rebolusyonaryong edukasyon sa hanay ng mga estudyante. Dapat nitong suportahan ang gawain ng hukumang bayan at ipatupad ang mga desisyon niyon.

Tiwala tayong sa malapit na hinaharap ay mapauunlad natin ang rebolusyonaryong pakikibaka mula sa gitna tungo sa abanteng yugto ng estratehikong depensiba, maparami natin ang mga platon para sa laganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa, magkakaroon tayo ng kakayahang maglunsad ng opensibang laking-kumpanya at batalyon sa ilalim ng mga pamprubinsya at panrehiyong kumand, papabilis nating maipatutupad ang rebolusyonaryong agraryo sa papalawak na saklaw, at makapamahala tayo sa mga kumbinasyon ng mga larangang gerilya bilang relatibong matatatag na baseng purok. **AB**



Hawakan ang inisyatiba, ilunsad ang mga opensiba upang umani ng mga tagumpay para sa ika-40 anibersaryo ng BHB

Mensahe ng Komite Sentral Partido Komunista ng Pilipinas


Lubos ang kagalakan nating ipinagdiriwang ang ika-39 na anibersaryo ng pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Bagong Hukbong Bayan. Nagpupugay kami sa lahat ng kadre at kapisapi ng Partido, Pulang kumander at mandirigma at sa malawak na masa ng sambayanan sa kanilang naipon at mga bagong tagumpay sa bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan laban sa imperyalismong US at mga lokal na reaksyonyong uring malalaking kumprador at panginoong maylupa.

Pinararanganan at binabati namin kayo sa pagkakamit ng napakamakabuluhang mga tagumpay sa pulitika at militar. Pinakamataas na parangal ang iniuukol namin sa mga rebolusyonaryong martir at bayani sa pinakamalaki nilang sakripisyo upang maisulong ang daki-lang pulang bandila ng ating makatarungang adhikaang rebolusyonaryo.

Tinatanaw natin ang pagkakamit ng di hamak na mas malalaki pang tagumpay sa rebolusyonaryong pakikibaka sa darating na taon. Hangad nating kamtin ang mga tagumpay na ito upang maipagdiwang ang ika-40 anibersaryo ng BHB. Makaani tayo ng malalaking tagumpay sa pamamagitan ng patuloy na pag-agaw sa inisyatiba at paglulunsad ng mas marami pang taktikal na opensiba laban sa ka-

away kaysa noong nagdaang taon.

Nangangarap nang gising ang rehimeng US-Arroyo sa pangangalandakang madudurog o mapawalang-saysay nito ang BHB bago ang 2010. Bigong-bigo ang OBL 1 na durugin ang kahit isang larangang gerilya mula 2002 hanggang 2007. Tiyak na mas masahol na kabiligan ang sasapitin ng OBL 2 sa nalalabing mga taon ng rehimeng. Ang rehimeng mismo ay nasa malubhang kalagayan at nasa bingit ng kahiya-hiyang pagbagsak.



Mabilis na lumalala ang krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Mas mabilis na mabubulok ang mapang-api at mapagsamantalang sistemang ito dahil ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nagbunsod ng pandaigdigang depresyon, na walang kasinlubha mula noong Great Depression, sanhi ng mga epekto ng patakarang "globalisasyong neoliberal" at "pandaigdigang gera laban sa terorismo" na dikta ng US. Napakainam ng kalagayan para sa digmang bayan sa Pilipinas at para sa lahat ng anyo ng rebolusyonaryong anti-imperialistang paglaban ng mamayang sa buong mundo.

Ang pandaigdigang sistemang kapitalista ay saklot ng depresyon

Saklot ng depresyon ang pandaigdigang sistemang kapitalista. Dati-rati ay nagagawa pa ng abusadong pangungutang na pasikarin ang bentahan at palaba-

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com